ANNA M. ROTH, RN, MS, MPH
HEALTH SERVICES DIRECTOR
DANIEL PEDDYCORD, RN, MPA/HA
PUBLIC HEALTH DIRECTOR

CONTRA COSTA
HEALTH SERVICES

CONTRA COSTA
PAMPUBLIKONG
KALUSUGAN
MGA PROGRAMA PARA SA
NAKAKAHAWANG SAKIT
597 CENTER AVENUE, SUITE 200-A
MARTINEZ, CALIFORNIA 94553
PH (925) 313-6740
FAX (925) 313-6465

# NAGHIHINTAY NG MGA RESULTA KAUGNAY NG CO

**Kung nakumpleto mo na ang iyong pagsusuri para sa COVID-19 at naghihintay ka ng mga resulta, mangyaring sundin ang gabay sa ibaba.**

**Hanggang sa malaman mo ang iyong mga resulta:**

- Kung **masama ang pakiramdam** mo, kailangan mong manatili sa bahay at i-isolate ang iyong sarili sa ibang miyembro ng sambahayan.
- Kung **malapitan kang nakisalamuha** sa isang taong kumpirmadong may COVID-19, kailangan mong manatili sa bahay kahit na mabuti ang iyong pakiramdam. Tinatawag itong pag-quarantine. Mangyaring sundin ang *Mga Tagubilin sa Pag-quarantine para sa Mga Close Contact.*
- Kung **mabuti ang pakiramdam** mo at **hindi ka malapitang nakisalamuha** sa sinumang kumpirmadong may COVID-19, maaari mong ipagpatuloy ang iyong mga regular na aktibidad alinsunod sa mga kasalukuyang alituntunin ng Opisyal ng Kalusugan hanggang sa matanggap mo ang iyong mga resulta.

**Kapag dumating na ang iyong mga resulta, mangyaring sundin ang gabay sa ibaba.**

Kung **negatibo** ang iyong mga resulta:

- Kung **masama ang pakiramdam** mo, kailangan mong manatili sa bahay hanggang sa gumaling ka.
- Kung **mabuti ang pakiramdam** mo, pero **malapitan kang nakisalamuha** sa isang taong kumpirmadong may COVID-19, kailangan mong mag-quarantine sa bahay sa loob ng 14 na araw mula sa araw kung kailan mo huling nakasalamuha ang taong iyon. Kung magkakaroon ka ng mga sintomas sa panahong ito, mag-follow up sa iyong provider para sa posibleng muling pagsusuri. Kakailanganin mo ring manatiling naka-isolate sa iyong bahay hanggang sa makuha mo ang iyong mga resulta o hanggang sa gumaling ka batay sa nakasaad sa ibaba. Mangyaring sumangguni sa *Mga Tagubilin sa Pag-quarantine para sa Mga Close Contact.*

Kung **positibo** ang iyong mga resulta:

Mangyaring sumangguni sa *Mga Tagubilin para sa Pag-isolate ng Sarili at Pagsubaybay sa Kalusugan*, kung saan ka makakakita ng gabay sa kung paano protektahan ang iyong sarili, ang iyong pamilya, at ang iyong komunidad.

Para sa higit pang impormasyon sa kung paano makakapagpasuri, tungkol sa home quarantine at pag-isolate, pakibisita ang: https://www.coronavirus.cchealth.org/ at i-click ang mga tab na Get Tested o About COVID-19.

ANNA M. ROTH, RN, MS, MPH
HEALTH SERVICES DIRECTOR
DANIEL PEDDYCORD, RN, MPA/HA
PUBLIC HEALTH DIRECTOR

CONTRA COSTA
HEALTH SERVICES

CONTRA COSTA
PAMPUBLIKONG
KALUSUGAN
MGA PROGRAMA PARA SA
NAKAKAHAWANG SAKIT
597 CENTER AVENUE, SUITE 200-A
MARTINEZ, CALIFORNIA 94553
PH (925) 313-6740
FAX (925) 313-6465

## NAGHIHINTAY NG MGA RESULTA KAUGNAY NG CO

Para sa mga tanong o alalahanin, maaari kang makipag-ugnayan sa Pampublikong Kalusugan ng Contra Costa sa mga regular na oras ng negosyo mula Lunes-Biyernes nang 8:00AM-5:00PM sa **925-313-6740** o mag-email sa amin sa **CoCohelp@cchealth.org**. Makakahanap ka rin ng impormasyon online sa *cchealth.org/coronavirus.*